Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
**BAYAN NG POLILLO**
-ooOoo-

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

---

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-ANIMNAPU'T LIMANG (65) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA GUSALI NG EVACUATION CENTER NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG OKTUBRE 12, 2020, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Cipriano A. Susa, Jr., | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang, Judy Rev V. Verzosa, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal |
| Kagalang-galang Claro A. Marasigan, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Ronald R. Madriñan, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, |
| Kagalang-galang Ian Kristoffer R. Del Moro, | Pangulo-PPSK/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, (may babala). |

**RESOLUSYON BLG. 181 - 2020**

**ISANG RESOLUSYONG NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG MGA RUTA NG BIYAHE NG MGA PAMPASAHERONG TRAYSIKEL NA DE MOTOR DITO SA BAYAN NG POLILLO, QUEZON AT NAGGAGAWAD NG PRANGKISA SA MGA KINAKAUKULANG TRICYCLE OPERATORS & DRIVERS ASSOCIATION (TODA) NA KINABIBILANGAN NG MGA LEHITIMONG MIYEMBRO NITO PARA SA MGA RUTANG ITINAKDA**

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay marami ng bumibyaheng pampasaherong traysikel na de-motor sa nasasakupan ng bayan ng Polillo;

**SAPAGKAT,** para maging maayos ang pagpapatupad ng mga batas pangtransportasyon dito sa ating bayan ay kinakailangang magtakda ng mga ruta ng biyahe ng mga nasabing traksikel at maggawad ng prangkisa sa mga TODA para sas eklusibong pagbiyahe ng mga lihetimong miyembro nito sa mga linya na sadyang itinakda para sa kanila;

**KUNG KAYA AT,** sa mungkahi mula sa Committee on Transportation and Communication, sa pangunguna ng Tagapangulo nito na si Kon. Bella A. Correces, ay:

ENGR. CRISTINE E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan

**PASIYAHAN,** tulad ng dito ay ipinasisiya at pinagtitibay, na pagtibayin tulad ng dito ay pinagtitibay, ang sumusunod na Kautusang Bayan;

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 150 – 2020

## ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA AT NAGGAGAWAD NG MGA RUTA NG BIYAHE NG MGA PAMPASAHERONG DE-MOTOR NA TRAYSIKEL NG POLILLO, QUEZON

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay ipinahahayag ang mga sumusunod:*

**Seksyon 1. SAKLAW AT NASASAKUPAN** – Nasasaklaw ng Kautusang Bayang ito ang mga pampasaherong Traysikel na de motor na bumibyahe sa nasasakupan ng bayan ng Polillo Lalawigan ng Quezon.

**Seksyon 2. RUTA** – Sa bisa ng Kautusang ito ay magkakaroon ng tatlong ruta sa biyahe ng mga pampasaherong traysikel na de-motor katulad ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| 2.A. PATUNGONG TIMOG (South Bound) | Mula sa Barangay Poblacion patungo sa mga iba pang barangay sa gawing Timog (Bucao, Sabang, Kalubakis, Bislian, Pamatdan at Languyin) at pabalik. |
| 2.B. PATUNGONG HILAGA (North Bound) | Mula sa Barangay Poblacion patungo sa mga iba pang barangay sa gawing Hilaga (Tamulaya, Anawan, Salipsip, Taluong at Binibitinan) at pabalik. |
| 2.K. NALOLOOBAN NG KALAKHANG POBLACION | Sumasakop lamang sa Barangay Poblacion at sa mga karatig ng Barangay Atulayan, Banadero, Libjo at Barangay Sibulan. |

**Seksyon 3. PRANGKISA** – Sa bisa din ng Kautusang ito ay iginagawad ang prangkisa para sa mga ruta ng mga sumusunod na TODA na kinabibilangan ng mga lehitimong miyembro nito para sa kanilang ekslusibong pagbiyahe sa mga rutang itinakda sa kanila;

Kasabay sa paggagawad ng prangkisa para sa ruta na amay bisa sa loob ng tatlong (3) taon ay ang paghahayag ng mga sapat na bayarin para sa iklusibong pagbiyahe sa ruta ng mga lihetimong miyembro ng TODA at ang takdang bilang ng mga miyembro na maaaring tanggapin bilang lehitimong Miyembro nila.

ENGR. CRISTITA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE D. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan

| RUTA | TODA | PRANGKISA/ RUTA | BILANG NG MIYEMBRO |
|---|---|---|---|
| 2-A Patungong Timog (South Bound | Polillo South Bound Tricycle Operators & Driver's Association | ₱30,000.00 | 50 |
| 2-B Patungong Hilaga (North Bound) | Polillo North bound (PNTODA) | ₱30,000.00 | 50 |
| | *Na maaaring madagdagan ang halaga ng Prangkisa at bilang ng mga Miyembro kung mapapasama ang Binibitinan-Taluong-Salipsip TODA* | | |
| 2-C Kalakhang Poblacion (Metro Poblacion) | 4 - Sibulan TODA | ₱15,000.00 | 25 |
| | 1- Atulayan TODA | ₱15,000.00 | 30 |
| | 2 - Libjo TODA | ₱15,000.00 | 25 |
| | 3 - Poblacion | ₱30,000.00 | 75 |

**Seksyon 4. PAGBABAWAL** – Ipinagbabawal sa lahat ng mga miyembro ng mga TODA ANG MAGBIYAHE NG "Traysikel" sa mga rutang hindi iginawad sa kanila.

**Seksyon 5. KAPARUSAHAN** -

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | : | Multang Isang Libong Piso (₱1,000.00) |
| Ikalawang Paglabag | : | Multang Isang Libo at Limang Daang Piso (₱1,500.00). |
| Ikatlong Paglabag | : | Multang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (₱2,500.00) at tuluyang kanselasyon ng permit. |

**Seksyon 6. PAGPAPATUPAD** - Ang Kautusang Bayang ito ay ipapatupad ng magkasanib na puwersa ng Philippine National Police (PNP) at Task Force Ordinance (TFO).

**Seksyon 7. PAGKAKABISA** - Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa at ipapatupad matapos na ito'y dumaan sa pampublikong pagdinig, Katigan ng Punong Bayan, maipaskil ang kopya ng Kautusang Bayang ito sa tatlong (3) hayag na lugar sa nasasakupan ng bayan ng Polillo, Quezon sa loob ng tatlong (3) Linggo at makalipas ang Tatlumpong (30) araw matapos na pormal na matanggap ng Sangguniang Panlalawigan ang sipi ng Kautusang Bayang ito, subalit kung sakaling dumating ang kapasiyahan ng Sangguniang Panlalawigan na hindi umaayon dito ay agarang ipahihinto ang pagpapatupad nito.

ENGR. CRISTINA L. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENEL D. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**Seksyon 8. PAGPAPAWALANG BISA** - Ang alinmang dating Ordinansa/ Kautusang Bayan na may kaugnayan sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa.

**PASIYAHAN PA RIN,** na padalhan ng Kautusang Bayang ito ang Tanggapan ng Sangguniang Panlalawigan, para sa pag-aaral at kaukulang pagpapatibay.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Oktubre 12, 2020

x------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang **Resolusyon Blg. 181-2020/Kautusang Bayan Blg. 150-2020** sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan

*Sinipi noong:*
***Oktubre 19, 2020***